SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 14, 2025, LUNES, IKA-09:55 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN Santa Cruz, Laguna RECORDED 29 JUL 2025

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 29 JUL 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 128- T2025**

**KAPASYAHANG HUMIHILING KAY KGG. REXLON T. GATCHALIAN, KALIHIM NG DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT (DSWD) NATIONAL, NA MANATILI SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG REGIONAL SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT SATELLITE OFFICE (SWAD) NG DSWD.**

**SAPAGKAT**, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna sa pamumuno ni Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, ang mahalagang papel ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Regional Satellite Office sa pagbibigay ng tulong at serbisyo sa mga mahihirap at nangangailangang sektor ng lipunan;

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ay handang magkaloob ng angkop na tanggapan o espasyo na maaaring gamitin ng DSWD bilang Regional Social Welfare and Development Satellite Office (SWAD);

**SAPAGKAT,** humiling ang Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna sa Punong Lalawigan na si Kgg. Marisol C. Aragones na manatili sa bayan ng Santa Cruz, Laguna ang Regional Satellite Office, Social Welfare Development Office (SWAD) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) National;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Kgg. Punong Bayan kasama ang Sangguniang Bayan na ang pananatili ng DSWD- SWAD sa ating bayan ay magpapalakas sa accessibility ng mga serbisyo ng nasabing ahensya sa mga mamamayan ng Santa Cruz, Laguna at mga karatig-bayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Pamilya at Kababaihan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay;

**PINAGPASYAHANG:** Humiling kay Kgg. Rexlon T. Gatchalian, Kalihim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) National, na manatili sa bayan ng Santa Cruz, Laguna ang Regional Social Welfare and Development Satellite Office (SWAD) ng DSWD.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, MSWDO, Kgg. Rexlon T. Gatchalian, Kalihim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) National, Regional Social Welfare and Development Satellite Office (SWAD) at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang

**PINAGTITIBAY. Hulyo 14, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan